Advisory No. 054, s. 2019
April 12, 2019
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(*Visit www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA AKSIYONG PANANALIKSIK NG *INSTITUTE OF CONTINUING PROFESSIONAL GROWTH AND DEVELOPMENT CO.*

Ang *Institute of Continuing Professional Growth and Development Co.* ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Aksiyong Pananaliksik na may temang Aksiyong Pananaliksik Daluyan ng Kaalaman at Kamalayan na gaganapin sa mga petsa at lugar na ito:

Petsa	Lugar
Hulyo 19–21, 2019	LCC Event Center, Brgy. Sabang Naga City
Agosto 23–25, 2019	Diamond Resort and Hotel, Ibabang Dupay Lucena City

Ang pangkalahatang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. maipabatid ang mga paksang katanggap-tanggap para sa temang *Teaching and Learning* sa DepEd *Research Agenda* at maging tulay ito upang makilatis ang mga suliraning pang-klasrum na may kaugnayan sa mga paksang tatalakayin,
2. makapagsulat ng aksyong pananaliksik mula sa katanggap-tanggap na bahagi at teknikal upang matagumpay na makabuo ng panukalang aksiyong pananaliksik, at
3. magbahagi ng naisulat na panukalang aksiyong pananaliksik para sa pagsusuri at positibong pagtugon sa isasagawang proseso.

Inaasahang lalahok ang mga superbisor, dalubguro, guro, at propesor sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao, punongguro, ulongguro, at mga interesadong guro at indibidwal sa pampubliko at pampribadong paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:

Dr. Sharon D. Mariano
Direktor
Institute of Continuing Professional Growth and Development Co.
Brgy. Potot, Libmanan, Camarines Sur
Mobile: 0926-742-1863
Email: jessiemercader@yahoo.com